
# Huwag kang magpapaloko sa matamis na salita




## Kung ikaw ay takas sa legal na trabaho

Kung ikaw ay tatakas sa legal na trabaho, may panganib na ikaw ay mapilitang magtrabaho sa mababang sahod o hindi mababayaran ng sahod.
Kahit na ikaw ay nasugatan o nagkasakit, may posibilidad na hindi magamit ang insurance at bayaran ang mataas na gastos sa pagpapagamot.
Kapag ikaw ay naging isang TNT, may panganib na samatalihin ang kahinaan mo at hilingin kang sumali o masangkot sa isang krimen.

Kung magtatrabaho ka sa ibang lugar maliban sa lugar ng training site, ito ay magiging isang “HINDI KWALIPIKADONG AKTIBIDAD”, maaari kang ipa-deport at maaari ka rin parusahan ng pagkakakulong ng hindi hihigit sa 3 taon o pagmumulta ng hindi hihigit sa 3 milyong yen.

Kung magpapatrabaho ang isang kumpanya sa isang tumakas na Technical Intern Trainee nang hindi sumusunod sa mga pormal na paraan nang alam nito na siya ay isang tumakas na trainee, itong kompanya ay maaaring kasuhan ng “Promoting Illegal Employment”.

Kapag naramdaman mong nasa panganib ka na, tulad ng pagkasangkot sa isang krimen, mangyaring tumawag sa 110.

**Shimane Prefectural Police**